# PANSUPORTANG PABAHAY
# SA VANCOUVER



Nagtutulungan ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver upang matugunan ang mga kritikal na pangangailangan ng mga taong walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan sa Vancouver.

Canada CMHC SCHL BC HOUSING CITY OF VANCOUVER

## Mga bagong kumportable at ligtas na tahanang may suporta sa
## East King Edward sa Knight Street




**Nakakaranas ng krisis sa pabahay ang Vancouver at mahigit sa 2,000 tao sa buong lungsod ang walang tirahan. Patuloy na itinuturing na pangunahing priyoridad ng BC Housing at ng Lungsod ng Vancouver ang pagtatayo ng mga kumportable at ligtas na tahanang may suporta para sa mga taong walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan sa ating mga komunidad.**

Aabutin ng 12 palapag ang bagong gusaling iminumungkahing itayo sa 1406 at 1410 East King Edward Avenue at mag-aalok ito ng humigit-kumulang 90 studio apartment na may mga suporta para sa mga nasa hustong gulang na walang asawa, nakatatanda, at mga taong may mga kapansanan na walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan sa lokal na komunidad.

- Ang lahat ng unit ay gagawing mga studio apartment na may sariling banyo at kusina
- Magagamit ang hindi bababa sa 5% ng mga bahay
- Magkakaroon din ng mga amenidad sa gusali gaya ng labahan, kainan, espasyo para sa programa, at isang underground na garaheng paradahan

BC HOUSING
1701–4555 KINGSWAY
BURNABY, BC V5H 4V8

# Pag-unlad sa 1406 at 1410 East King Edward Avenue

Nakatuon ang BC Housing at ang Lungsod sa pagpapatupad ng aplikasyon para sa pag-rezone upang mapaunlad ang partikular na site na ito.

Sa pamamagitan ng proseso ng pag-unlad ng Lungsod ng Vancouver, nais naming makatanggap ng feedback mula sa komunidad tungkol sa mga sumusunod na aspeto ng proyekto:

- Mga elemento sa disenyo ng gusali at ng site, gaya ng mga pailaw at landscaping
- Lokal na representasyon para sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad
- Mga ideya kaugnay ng pagsuporta sa tagumpay ng iminumungkahing gusali

## Mga oportunidad para sa opinyon ng komunidad

### Mga Session ng Pakikipagtalakayan sa Neighborhood

Iniimbitahan ang mga kalapit-bahayan ng mga iminumungkahing pabahay na matuto pa sa pamamagitan ng isang kaunting virtual na session ng talakayan. Kung interesado ka, mangyaring mag-sign up para sa **isa** sa mga sumusunod na session:

- **Marso 16: 6 PM hanggang 7:30 PM**
- **Marso 17: 6 PM hanggang 7:30 PM**
- **Marso 18: 6 PM hanggang 7:30 PM**

Para makapagparehistro, pakibisita ang:
letstalkhousingbc.ca/vancouver-king-edward

** Parehong impormasyon lang ang ipepresenta sa lahat ng session*

### Panahon para sa pagkomento ng publiko

Magagawa ng komunidad na suriin ang mungkahi sa pagpapaunlad at makapagbigay ng mga komento hinggil dito mula:

**Ika-1 hanggang ika-15 ng Marso, 2021**

Para makapagbigay ng feedback sa panahong ito, pakibisita ang:
letstalkhousingbc.ca/vancouver-king-edward

***Kapag nagsumite ng aplikasyon para sa pag-rezone, mayroon pang karagdagang proseso ng konsultasyon na pangungunahan ng Lungsod***

**Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang letstalkhousingbc.ca/vancouver-king-edward o tawagan ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 AM at 4 PM.**

Makakakuha ng mga nakasaling materyal sa letstalkhousingbc.ca/vancouver-king-edward